


Filipino

Unang Markahan – Modyul 4: Epiko ng Iraq / Sinaunang Mesopotamia (Panitikang Mediterranean)



**Filipino – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan (Panitikang Mediterranean) – Modyul 4: Epiko mula sa Iraq / Sinaunang Mesopotamia
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng mga materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Alvin D. Mangaoang, Florida P. Picatoste
Editor:	Luisito V. Libatique
Tagasuri:	Arabella May Z. Soniega, Virgilio C. Boado, Editha T. Giron, Gina A. Amoyen, Gemma M. Erfelo, Rowena R. Abad, Renato R. Santillan, Maria Teresita R. Gapate
Tagaguhit:	Ernesto F. Ramos Jr., Rodel R. Rimando
Tagalapat:	Alvin D. Mangaoang
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino, Arlene A. Niro, Gina A. Amoyen, Editha T. Giron, Atty. Donato D. Balderas Jr., German E. Flora, Virgilio C. Boado, Alejo R. De Sesto

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

Filipino

**Unang Markahan – Modyul 4:
Epiko ng Iraq / Sinaunang
Mesopotamia
(Panitikang Mediterranean)**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kaming matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Binabati kita at natapos mo ang pag-aaral sa Modyul 3! Natitiyak kong marami kang natutuhan sa nakaraang aralin na magagamit mo sa Modyul na ito. Ipagpatuloy mo ang iyong pag-aaral. Sana kung gaano ka nasabik sa mga nakaraang aralin ay ganoon pa rin ang iyong kasabikan ngayon. Handa ka na ba? Kung oo, tara na't magsimula na.

Ang **Modyul 4** ay tatalakay sa kauna-unahang dakilang likha ng panitikan – Ang Epiko ni Gilgamesh mula sa Sinaunang Sibilisasyon ng Mesopotamia (Iraq na sa kasalukuyan). Ang Mesopotamia na nagmula sa salitang Greek na nangangahulugang “*sa pagitan ng dalawang ilog*”, ay sinaunang rehiyon sa silangang Mediterranean. Matatagpuan sa hilagang-silangan nito ang Bundok ng Zagros at sa Timog-silangan ay ang Talampas ng Arabia. Sa kasalukuyan, ang malaking bahagi nito’y nasa Iraq samantalang ang ilang bahagi nito’y nasa Iran, Syria at Turkey. Ang dalawang ilog na tinutukoy ng pangalan nito ay ang Ilog Tiris at Euphrates at ang kalupaan ay kilala bilang ‘*Al-Jazirah*’ (ang isla) ayon sa Egyptologist na si J. H. Breasted na sa kalaunan ay tinawag na *Fertile Crescent*.

Masasalamin sa kanilang panitikan ang sinaunang kultura. Makikilala rin sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga ito ang kanilang mga paniniwala, pilosopiya, paraan ng pamumuhay, ugali at iba pang mapagkakikilanlan ng kanilang lahi.

Naglalaman ang araling ito ng “Epiko ni Gilgamesh”. Hihimayin ito upang mapatunayang ang pangunahing tauhan sa epiko ay may pambihirang kapangyarihan. Huhubugin din ang iyong kasanayan sa paggamit ng mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.

Sa pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang sumusunod:

Mga Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)

1. Nahihinuha ang katangian ng tauhan sa napakinggan epiko. **(F10PN-Ie-f-65)**
2. Naibibigay ang sariling interpretasyon sa mga kinaharap na suliranin ng tauhan. **(F10PB-Ie-f-65)**
3. Napapangatuwiranang ang kahalagahan ng epiko bilang akdang pandaigdig na sumasalamin ng isang bansa. **(F10PB-Ie-f-66)**
4. Naipaliliwanag ang mga alegoryang ginamit sa binasang akda. **(F10PT-Ie-f-65)**
5. Natutukoy ang mga bahaging napanood na tiyakang nagpapakita ng ugnayan ng mga tauhan sa puwersa ng kalikasan. **(F10PD-Ie-f-64)**
6. Naisusulat nang wasto ang pananaw tungkol sa pagkakaiba-iba at pagkakatulad ng mga epikong pandaigdig; ang paliwanag tungkol sa isyung pandaigdig na iniuugnay sa buhay ng mga Pilipino; sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ng ibang bansa; suring-basa ng nobelang nabasa o napanood. **(F10PU-Ie-f-67)**
7. Nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari. **(F10WG-Ie-f-60)**

Kaya halika na't atin nang alamin ang mga ito.



Subukin

Bago natin talakayin ang nilalaman ng epiko, magkakaroon muna tayo ng paunang pagtataya. Sikapin mong sagutin ang kasunod na gawain para mataya kung ano ang mga dapat mo pang malaman sa susunod na pag-aaral.

PAUNANG PAGTATAYA

- A. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang buod ng Epikong “Biag ni Lam-ang” at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat sa hiwalay na sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

Biag ni Lam-ang

Nagkaroon ng anak sina Don Juan at Namongan. Nilusob ng mga Igorot ang tribo ni Don Juan na naging sanhi ng pagkamatay ng kaniyang pangkat. Dahil dito ay dumayo si Don Juan sa kuta ng mga Igorot upang ipaghiganti ang kaniyang tribo. Gayonman, hindi na nakabalik pa sa kanilang lambak si Don Juan. Naisilang naman ang anak nilang si Lam-ang na mayroong pambihirang kakayahan. Nakapagsasalita na agad siya at mayroong kakaibang lakas.

Nalaman ni Lam-ang nangyari sa kaniyang ama kaya naman ninais niya maipaghiganti ito. Tutol man ang kaniyang inang si Namongan ay hindi naman siya napigilan. Nagtungo siya sa kuta ng mga Igorot at nakita ang amang nakapiit.

Sinabihan siya ng mga Igorot na umuwi na lamang upang hindi matulad sa kaniyang ama. Ngunit sumigaw si Lam-ang at nayanig ang lupa. Pinaulanan siya ng sibat ngunit hindi man lamang nagalusan. Hinugot niya ang kaniyang sibat at dito ay nalupig ang puwersa ng mga Igorot.

Umuwi si Lam-ang sa Nalbuan. Naligo siya sa Ilog Amburayan sa tulong ng mga dalaga ng tribo. Dahil sa dungis na nanggaling kay Lam-ang, namatay ang mga isda sa Ilog Amburayan at nagsiahon ang mga igat at alimasag sa pampang.

Matapos mamahinga ay gumayak na si Lam-ang patungo sa Kalanutian upang manligaw sa isang dilag na nanggangalang Ines Kannyan. Kasama ni Lam-ang ang kanyang mahiwagang tandang at mahiwagang aso.

Sa daan patungo sa Kalanutian ay nakalaban niya ang higanteng si Sumarang. Pinahipan ni Lam-ang sa hangin si Sumarang at ito ay sinalipadpad sa ikapitong bundok.

Sa tahanan nina Ines ay maraming tao. Hindi napansin si Lam-ang. Tumahol ang mahiwagang aso ni Lam-ang. Nabuwal ang bahay. Tumilaok ang mahiwagang tandang. Muling tumayo ang bahay. Napansin si Lam-ang.

Ipinagtapat ng tandang at aso ang kanilang layunin. Nais pakasalan ni Lam-ang si Ines. Hindi naman tumutol ang mga magulang ni Ines kung magbibigay si Lam-ang ng panhik o bigay-kaya na kapantay ng kayamanan nina Ines. Hindi sila binigo nito at nagdala ng dalawang barkong puno ng ginto at naikasal ang dalawa.

Nagyakapan sina Lam-ang at Ines. Kanilang niyakap din ang aso at tandang at namuhay silang maligaya sa mahabang panahon.

Batay sa nabasa, magbigay ng limang katangian ng isang epiko

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Ano-anong mga katangian ang nahinuha sa pangunahing tauhan?

6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____

Ano-anong kulturang Pilipino ang ipinakita sa binasang epiko?

11. _____
12. _____
13. _____

14. Magbigay ng isang patunay na ang pangunahing tauhan ay may ugnayan sa puwersa ng kalikasan.

15. Bakit mahalaga ang epiko sa isang bansa?

B. Panuto: Punan ng angkop na salitang hudyat ang bawat patlang upang mabuo ang diwa ng talata. Piliin ang mga salitang hudyat sa loob ng kahon. Isulat sagot sa iyong sagutang papel.

Bukod sa Saka	Kung	Dahil Sa madaling sabi
---------------	------	------------------------

(1) _____ isang babae, kumikilos siya bilang isang ina. (2) _____ kaya lumaki ang kanilang mga anak na mulat ang kamalayan sa nangyayari sa lipunan. (3) _____ dito’y sumali sa kilusang makakaliwa ang kanilang panganay na si Jules. (4) _____ naging makata at manunulat naman si Emman at nahilig sa musikang *rock ‘n roll* si Jason. (5) _____, nanatiling matatag ang pamilya Bartolome sa kabila ng napakaraming pagsubok ng panahon.

Mahusay! Nabuo mo ang mga pahayag sa pamamagitan ng pagpupuno ng angkop na hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari. Magpatuloy ka pa.

Aralin

1.1

Epiko mula sa Iraq / Sinaunang Mesopotamia Panitikan: Epiko ni Gilgamesh



Balikan

Sa nakaraang modyul, tinalakay natin ang sanaysay at ang mga ekspresiyong ginagamit sa pagbibigay ng pananaw. Nabatid din nating ang sanaysay ay isang akdang nagpapahayag ng opinyon o kuro-kuro. Gayon din, ang **Alegorya** ay isang estilong maaaring gamitin sa pagpapahayag ng mga nakatagong mensahe. Bilang pagbabalik-tanaw sa kasanayan sa nakaraang modyul, inaasahang maisasagawa mo ang gawain gamit ang konsepto ng ekspresiyong nagpapahayag ng pananaw. Kung handa ka na, magsimula ka na.

Gawain 1: Alegorya, Ipaliwanag Mo!

Panuto: Ipaliwanag ang mga alegoryang ginamit sa binasang akda sa nakaraang modyul. Gumamit ng mga ekspresiyong nagpapahayag ng pananaw sa pagbibigay ng paliwanag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1.

“Ang idea ng kabutihan ay mananatili sa huli at matatagpuan lamang nang may pagpupunyagi”

Paliwanag:

2.

“Sinoman ang kumilos nang may katuwiran sa publiko o pribadong buhay, kailangan na ang kaniyang mga mata ay may matibay na tuon”

Paliwanag:

Mahusay! Matagumpay mong naisagawa ang unang gawain. Magpatuloy ka lang at magagawa mo pang mapalago ang iyong kaalaman.



Tuklasin

Sa bahaging ito, subukin mong unawain ang kasunod na epiko para mapatunayang ang pangunahing tauhan sa epiko ay may pambihirang kapangyarihan.

Mga paraan kung paano susuriin ang akda:

- Basahin mong mabuti ang akda;
- Maaaring ipabasa sa mga magulang o nakatatandang kapatid upang iyong mapakinggang mabuti ang mensahe nito;
- Maaaring bisitahin at panoorin sa link na ito <https://www.youtube.com/watch?v=sWppk7-Mti4>.

Epiko ni Gilgamesh

Saling-buod sa Filipino ni Cristina S. Chioco

- 1) Nagsimula ang epiko sa pagpapakilala kay Gilgamesh, ang hari ng lungsod ng Uruk, na ang dalawang katlo ng pagkatao ay diyos at ang sangkatlo ay tao. Matipuno, matapang at makapangyarihan. Ngunit mayabang siya at abusado sa kaniyang kapangyarihan. Dahil sa kaniyang pang-aabuso, patuloy na nananalangin ang kaniyang mga nasasakupan na nawa'y makalaya sila sa kaniya.
- 2) Tinugon ng diyos ang kanilang dasal. Nagpadala ito ng isang taong kasinlaki ni Gilgamesh, si Enkido na lumaking kasama ng mga hayop sa kagubatan. Nagpang-amok ang dalawa nang sila'y magkita. Nanalo si Gilgamesh, ngunit sa bandang huli naging matalik na magkaibigan sila. Di naglaon, naging kasa-kasama na ni Gilgamesh si Enkido sa kaniyang mga pakikipaglaban. Una, pinatay nila si Humbaba, ang demonyong nagbabantay sa kagubatan ng Cedar. Pinatag nila ang kagubatan. Nang tangkain nilang siraan ang diyosang si Ishtar, na nagpahayag ng pagnanasa kay Gilgamesh, ipinadala nito ang toro ng kalangitan upang wasakin ang kalupaang pinatag nila bilang parusa. Nagapi nina Gilgamesh at Enkido ang toro. Hindi pinahintulutan ng mga diyos ang kanilang kawalang paggalang kaya itinakda nilang dapat mamatay ang isa sa kanila, at iyon ay si Enkido na mamamatay sa matinding karamdaman.
- 3) Habang nakaratay si Enkido dahil sa matinding karamdaman, sa sama ng loob ay nasabi niya sa kaniyang kaibigan ang ganito: "Ako ang pumutol sa puno ng Cedar, ako ang nagpatag ng kagubatan, ako ang nakapatay kay Humbaba at ngayon, tignan mo kung ano ang nangyari sa akin. Makinig ka kaibigan, nanaginip ako noong isang gabi. Nagngangalit ang kalangitan at sinagot ito ng isang taong ibon. Malungkot ang kaniyang mukha at sinabi niya sa akin ang kaniyang layon. Mukha siyang bampira, ang kaniyang mga



Muling iginuhit ni Rodel R. Rimando (2020). Larawan ni Gilgamesh

paa ay parang sa leon, ang kaniyang mga kamay ay kasintalim ng mga kuko ng agila. Sinunggaban niya ako, sinabunutan at kinubabawan kaya ako ay nabuwal. Pagkatapos ay ginawa niyang pakpak ang kaniyang mga kamay. Humarap siya sa akin at inilayo sa palasyo ni Irkalla, ang Reyna ng Kadiliman, patungo sa bahay na kung sinoman ang mapunta roon ay hindi na makababalik pa”.

- 4) Sa bahay, kung saan ang mga tao ay nakaupo sa kadiliman, alikabok ang kanilang kinakain at luwad ang kanilang karne. Ang damit nila’y parang mga ibon na ang pakpak ang tumatakip sa kanilang katawan, hindi sila nakakikita ng liwanag, kundi pawang kadiliman. Pumasok ako sa bahay na maalikabok at nakita ko ang dating mga hari ng sandaigdigan na inalisan ng korona habang buhay, mga makapangyarihan, mga prinsipeng naghari sa mga nagdaang panahon, sila na minsa’y naging mga diyos tulad nina Anu at Enlil ay mga alipin ngayon na tagadala na lamang ng mga karne at tagasalok ng tubig sa bahay na maalikabok. Naroon din ang mga nakatataas na pari at ang kanilang mga sakristan. May mga tagapagsilbi sa templo at naroon si Etana, ang hari ng Kish, na minsa’y inilipad ng agila sa kalangitan. Nakita ko rin si Samugan, ang hari ng mga tupa, naroon din si Ereshkigal, ang reyna ng kalaliman at si Belit-Sheri na nakayuko sa harapan niya, ang tagatala ng mga diyos at tagapag-ingat ng aklat ng mga patay. Kinuha niya ang talaan, tumingin sa akin at nagtanong: “Sino ang nagpadala sa iyo rito” Nagising akong maputlang-maputla, naguguluhan, tila nag-iisang tinatahak ang kagubatan at takot na takot.
- 5) Pinunit ni Gilgamesh ang kaniyang damit at pinunasan ang luha ng kaniyang kaibigan. Umiyak siya nang umiyak. Sinabi niya kay Enkido, “Sino ang makapangyarihan sa Uruk ang may ganitong karunungan? Maraming di-panani-paniwalang mga pangyayari ang nahayag. Bakit ganyan ang nilalaman ng iyong puso? Hindi kapani-paniwala at nakatatakot na panaginip. Kailangan itong paniwalaan bagaman ito’y nagdudulot ng katatakutan ay maaring dumating kahit sa isang napakalusog mang tao, na ang katapusan ng tao ay paghihinagpis.” At nagluksa si Gilgamesh. “Mananalangin ako sa mga dakilang diyos dahil ginamit niya ang aking kaibigan upang mahayag ang kasasapitan ng sinoman sa pamamagitan ng panaginip.”
- 6) Natapos ang panaginip ni Enkido at nakaratay pa rin siya sa karamdaman. Araw-araw ay palala nang palala ang kaniyang karamdaman. Sinabi niya kay Gilgamesh “Minsan ay binigyan mo ako ng buhay, ngayon ay wala na ako kahit na ano.” Sa ikatlong araw ng kaniyang pagkakarayat ay tinawag ni Enkido si Gilgamesh upang siya’y itayo. Mahinang-mahina na siya at ang kaniyang mga mata’y halos ‘di na makakita sa kaiiyak. Inabot pa ng sampung araw ang kaniyang pagdadalamhati hanggang labindalawang araw. Tinawag niya si Gilgamesh, “Kaibigan pinarusahan ako ng mga dakilang diyos at mamamatay akong kahiya-hiya. Hindi ako mamamatay tulad ng mga namatay sa labanan; natatakot akong mamatay ngunit maligaya ang taong namatay sa pakikipaglaban, kaysa katulad kong nakahihiya ang pagkamatay.” Iniyakan ni Gilgamesh ang kaniyang kaibigan.
- 7) Pinagluksa ni Gilgamesh ang pagkamatay ng kaniyang kaibigan sa loob ng pitong araw at gabi. Sa huli, pinagpatayo niya ito ng estatwa sa tulong ng kaniyang mga tao bilang alaala.

Hango sa Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. FirstEdition, 2015

Kumusta mahal kong mag-aaral? Naunawaan mo ba ang iyong binasang epiko? Kung naunawaan mo, maaari ka nang magpatuloy sa sumusunod na gawain pero kung hindi pa ay maaari mong basahin muli ang epiko.

Gawain 2: Paglinang ng Talasalitaan

Panuto: Ipaliwanag ang mga nagamit na alegorya (nakatagong mensahe) sa epiko sa pamamagitan ng pag-aanalisa sa mga diyologo ng mga tauhan. Isulat sa sagutang papel ang mga ipinahihiwatig nito.

1. “Kaibigan, pinarurusahan ako ng mga dakilang diyos at mamamatay akong kahiya-hiya. Hindi ako mamamatay tulad ng mga ibang namatay sa labanan; natatakot akong mamatay, ngunit maligaya ang taong namatay sa pakikipaglaban, kaysa katulad kong nakahihiya ang pagkamatay.”

2. “Ako ang pumutol ng Punong Cedar, ako ang nagpatag ng kagubatan, ako ang nakapatay kay Humbaba at ngayon tingnan mo ang nangyari sa akin?”

3. “Sino sa mga makapangyarihan sa Uruk ang may ganitong karunungan? Maraming di-kapani-paniwalang pangyayari ang nahayag. Bakit ganyan ang nilalaman ng iyong puso?”

4. Mananalangin ako sa mga dakilang diyos dahil ginamit niya ang aking kaibigan upang mahayag ang kasaspitan ng sinoman sa pamamagitan ng panaginip.”

5. “Minsan ay binigyan mo ako ng buhay, ngayon ay wala na ako kahit na ano.”

Gawain 3: Pag-unawa sa binasang Epiko

Panuto: Suriin ang mga alegoryang nagamit sa epiko sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gabay na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ipaliwanag ang mensaheng ibinabahagi ng may-akda tungkol sa pakikipagkaibigan.

2. Bakit kaya kahiya-hiya para kay Enkido ang kaniyang kamatayan?

3. Anong mahalagang kaalaman tungkol sa buhay ang ipinahihiwatig ng Epiko?

4. Ano ang nakitang kababalaghan sa epiko?

5. Ano ang kinaharap na suliranin nina Gilgamesh at Enkido? Bigyan ito ng interpretasyon

Gawain 4: Opinyon Ko, Mahalaga!

Panuto: Sagutin ang mga tanong sa iyong sagutang papel.

1. Kung ikaw si Gilgamesh, gusto mo bang maging isang pinuno gaya niya? Bakit?

2. Nanaisin mo rin bang makita ang hinaharap? Bakit?

3. Ano ang kaya mong gawin para sa isang kaibigan?

4. Maituturing bang bayani si Gilgamesh? Pangatuwiranan.

5. Anong pambihirang mga katangian ang taglay ng pangunahing tauhan? Patunayan.

Binabati kitang muli mahal kong mag-aaral sa lumalawak mong kaalaman at pag-unawa sa ating aralin! Magpatuloy ka lang.



Suriin

Basahin at unawain ang kahulugan ng epiko para malaman mo kung paano nakatulong ang epiko sa pagpapahalaga sa katauhan ng isang tao.

Alam mo bang...

Epiko ang tawag sa tulang pasalaysay na naglalahad ng kabayanihan at pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhang nagtataglay ng katangiang nakahihigit sa karaniwang tao?

- Ang karaniwang paksa nito ay kabayanihan ng pangunahing tauhan sa kaniyang paglalakbay at pakikidigma.
- Ang salitang *epiko* ay galing sa salitang Greek na “*epos*” na nangangahulugang “*salawikain o awit*” ngunit ngayon ito’y tumutukoy sa kabayanihang isinasalaysay.
- Ang pangkalahatang layunin ng tulang epiko ay gumising sa damdamin upang hangaan ang pangunahing tauhan.
- *Dactylic hexameter* ang estilo ng pagsulat ng epiko.
- Ito’y karaniwang nagsisimula sa isang panalangin o inbokasyon sa isang musa at naglalaman ng masusing paglalarawan, mga pagtutulad at talumpati.
- Ito ay ipinahahayag nang pasalita, patula o paawit.

Kasaysayan ng Epiko

- Ang Epiko ni Gilgamesh, isang epiko mula sa Mesopotamia ay kinikilala bilang kauna-unahang dakilang likha ng panitikan. Ang kasaysayan ng Gilgamesh ay nagsimula sa limang tulang Sumerian tungkol kay “*Bilgamesh*” (salitang Sumerian para sa ‘Gilgamesh’), hari ng Uruk.
- Nagsimula kay Homer ng Greece ang tradisyon ng epiko sa Europa noong 800 BCE. Mahalagang mabasa ng mga mag-aaral ng literaturang Ingles ang *The Iliad and Odyssey*.
- Si Virgil (70-19 BC) ay lumikha ng mahahalagang epiko ng Imperyong Romano. Kinuha ang pangalan ng *The Aeneid* sa isa sa mga tauhan ng Iliad ni Homer na umalis sa Troy at nagtungo sa Italy upang hanapin ang Rome.
- Sa Italy ay hindi lamang si Virgil, mayroon din si Dante. Ang kilalang epiko ni Dante ay ang *The Divine Comedy*. Ito’y naging inspirasyon ng maraming makata at pintor sa loob ng maraming dantaon.

- Isa sa mga kilalang epikong Espanyol ng Middle Ages ay ang *El Cid* o *El Cantar Mio Cid* na sinulat noong 1207 ni Per Abbat.
- Isa sa mga kilalang epikong French noong Middle Ages ay ang *Chanson de Roland*.
- Ang dalawang kilalang epikong German ay ang *The Heliad*, ika-19 siglong bersyon ng *Gospels* sa Lumang Saxon; at ang "*The Nibelungenlid*". Ang huli ay kuwento ni Seigfried, Brunhild, Dietrich, Gunther, Hagen at Attila the Hun. Ito ay nagbigay ng kakaibang impluwensiya sa literaturang German.
- Ang Epikong Ingles ay nagsimula sa Beowulf.
- Sa Pilipinas, tinatayang umaabot sa 28 ang kilalang epiko. Ito ay kumakatawan sa mga paniniwala, kaugalian at mabubuting aral ng mamamayan. Ilan sa mga ito ay ang Ibalon ng Bikol, Hudhud ni Aliguyon ng mga Ifugao, Biag ni Lam-Ang ng mga Ilocono, Tuwaang ng mga Bagobo at marami pang iba.

Kahalagahan ng Epiko

- Ang mga epiko ay mayroon pa ring lugar sa buhay ng mga katutubong minoritya at kinakanta sa panahon ng pagtitipon, tulad ng kasalan at lamayan.
- Umaaliw sa komunidad ng kapuri-puring gawain ng kanilang mga ninuno.
- Naghahatid sa mga kaugalian at paniniwala ng mga nakaraang henerasyon, madalas ay nagbibigay ng halimbawa para sa mga susunod na henerasyon.
- Ang mga epikong Pilipino ay binibigyan ng diin ang tema katulad ng matibay na bigkis sa relasyon, palitan at pagtutulungan, isang malalim na kahulugan ng komunidad, etnikong pagpapahalaga, at pagmamahal sa kalayaan.
- Sa pamamagitan ng epiko, ang sambayanan ay naghahatid ng alaala ng mga ninuno, isang lubos at malayang daigdig at ang tunay na anyo nito sa mundo.



Mga Elemento ng Epiko

1. **Sukat at Indayog** – Tumutukoy ang sukat sa bilang ng pantig sa bawat taludtod na bumubuo sa isang sagnong samantalang ang indayog ay ang diwa ng tula.
2. **Tugma** – sinasabing may tugma ang tula kapag ang huling pantig ng huling salita ng bawat taludtod ay magkakasingtunog.
3. **Sagnong** – Ito ay ang pagpapangkat ng mga taludtod ng isang tula. Tinatawag din itong taludturan.
4. **Matatalinghagang salita** – ito ay tinatawag ring idyomang may kahulugan taglay na naiiba sa karaniwan. Di-tuwirang nagbibigay ng kahulugan ang mga ito.
5. **Banghay** – Ito ay ang pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayaring maaaring maging payak o komplikado. Binubuo ito ng simula, saglit na kasiglahan, kasukdulan, kakalasan at wakas.
6. **Tagpuan** – lugar o panahong kung kailan ginanap ang mga pangyayari. Nakatutulong ito sa pagbibigay ng linaw sa paksa, banghay at mga tauhan. Kadalasang sa sinaunang kapanahunan ito naganap at puno ng misteryo.
7. **Tauhan** – Ang tauhan ang siyang kumikilos sa epiko. Siya ang gumagawa ng desisyong nagpapatakbo ng epiko. Mapapansing ang tauhan sa epiko ay nagtataglay ng pambihira o di-pangkaraniwang kapangyarihan.

Nasundan mo ba ang katuturan at kasaysayan ng Epiko? Kung oo, mahusay ka. Bagaman mahaba ngunit napuno naman ng impormasyon ang iyong kaisipan. Upang mailapat ang napag-aralan mo, isagawa mo na ang kasunod na gawain.

Gawain 5: Mahalaga Ka Epiko!

Panuto: Batay sa tinalakay na impormasyon hinggil sa epiko, ibigay/isulat ang iyong sariling pananaw tungkol sa kahalagahan ng pag-aaral ng epiko bilang akdang pandaigdig. Gayahin ang pormat ng grapikong presentasyon sa sagutang papel.



Pagyamanin

Sa bahaging ito, pagyayamin pa natin ang iyong kaalaman sa epiko. Babasahin mo ang epikong mula sa Mindanao para magkaroon ka ng paghahambing sa epiko ng Iraq/Sinaunang Mesopotamia. Basahin at unawain mo ito para matukoy mo ang bahaging nagpapakita ng ugnayan ng mga tauhan sa puwersa ng kalikasan.

Maaaring panoorin ang cartoon ng mito ng Mindanao sa link na ito:

<https://www.youtube.com/watch?v=9zRDLJGTOW0>

Bidasari

Ang epikong Bidasari ng Kamindanaoan ay nababatay sa isang romansang Malay. Ayon sa kanilang paniniwala, upang tumagal ang buhay ng tao, ito'y pinaalagaan at iniingatan ng isang isda, hayop, halaman o ng punongkahoy.

Ang kaharian ng Kembayat ay naliligalig dahil sa isang dambuhalang ibon. Ang ibong ito ay mapaminsala sa mga pananim at maging sa buhay ng tao. Ang ibong ito ay ang ibong garuda. Kapag dumarating na ang garuda, mabilis na nagtatakbuhan ang mga tao upang magtago sa mga yungib. Takot na takot sila sa ibong garuda pagka't ito'y kumakain ng tao.

Sa pagtatakbuhan ng mga tao, nagkahiwalay sa pagtakbo ang sultan at sultana ng Kembayat. Ang sultana ng Kembayat ay nagdadalantao noon. Sa laki ng takot ay naisilang niya ang sanggol na babae sa may tabi ng ilog. Dahil sa malaking takot at pagkalito naiwan niya ang sanggol sa bangka sa ilog.

May nakapulot naman ng sanggol. Siya ay si Diyuhara, isang mangangalakal mula sa kabilang kaharian. Kaniyang pinagyaman at iniuwi sa bahay ang sanggol. Itinuring niya itong anak. Pinangalanan nila ang sanggol ng Bidasari. Habang lumalaki si Bidasari ay lalo pang gumaganda. Maligaya si Bidasari sa piling ng kaniyang nakikilalang magulang.

Sa kaharian ng Indrapura, ang sultang Mongindra ay dalawang taon pa lamang kasal kay Lila Sari. Mapanibughuin si Lila Sari. Natatakot siyang umibig pa sa ibang babae ang sultan. Kaya lagi niyang itinatanong sa sultan, kung siya'y mahal nito na sasagutin naman ng sultan ng “mahal na mahal ka sa akin”. Hindi pa rin nasisiyahan ang magandang asawa ng sultan. Kaniyang itinatanong na minsan sa sultan “Hindi mo kaya ako malimutan kung may makita kang higit na maganda kaysa akin?” Ang naging tugon ng Sultan ay “Kung higit na maganda pa sa iyo, ngunit ikaw ang pinakamaganda sa lahat. Nag-alala ang sultana na baka may lalo pang maganda sa kaniya at ito ay makita ng sultan. Kaya't karakarakang inutusan niya ang matapat niyang mga kabig na saliksikin ang kaharian upang malaman kung may babaeng higit na maganda sa sultana.

Nakita ng mga tauhan ni Lila Sari si Bidasari at siya ay higit na maganda kaysa kay Lila Sari. Inanyayahan ng Sultana si Bidasari sa palasyo upang diumano ay gagawing dama ng sultana. Ngunit pagsapit doon, si Bidasari ay lihim na ikinulong ni Lila Sari sa isang silid at doon pinarurusahan.

Nang hindi na matiis ni Bidasari ang mga pagpaparusa sa kaniya, sinabi niyang kunin ang isdang ginto sa halamanan ng kaniyang ama. Kapag araw ito'y ipinakukuwintas kay Lila Sari at sa gabi'y ibinabalik sa tubig at hindi maglalaon si Bidasari ay mamamatay. Pumayag si Lila Sari. Kinuha niya ang isdang ginto at pinauwi na niya si Bidasari.

Isinuot nga ni Lila Sari ang kuwintas ng gintong isda sa araw at ibinabalik sa tubig kung gabi. Kaya't si Bidasari ay nakaburol kung araw at muling nabubuhay sa gabi. Nag-alala si Diyuhara na baka tuluyang patayin si Bidasari. Kaya nagpagawa siya ng isang magandang palasyo sa gubat at doon niya itinira nang mag-isa si Bidasari.

Isang araw, ang Sultan Mongindra ay nangaso sa gubat. Nakita niya ang isang magandang palasyo. Ito'y nakapinid. Pinilit niyang buksan ang pinto. Pinasok niya ang mga silid. Nakita niya ang isang napakagandang babae na natutulog. Ito ay si Bidasari. Hindi niya magising si Bidasari. Umuwi si Sultan Mongindra na hindi nakausap si Bidasari. Bumalik ang sultan kinabukasan. Naghintay siya hanggang gabi. Kinagabihan nabuhay si Bidasari. Nakausap siya ni Sultan Mongindra. Ipinagtapat si Bidasari ang mga ginawa ni Lila Sari. Galit na galit ang sultan. Iniwan niya si Lila Sari sa palasyo at agad niyang pinakasalan si Bidasari. Si Bidasari na ang naging reyna.

Samantala, pagkaraan ng maraming taon ang tunay na mga magulang ni Bidasari ay tahimik nang naninirahang muli sa Kembayat. Nagkaroon pa sila ng isang supling. Ito'y si Sinapati. Nang pumunta sa Kembayat ang isang anak ni Diyuhara ay nakita niya si Sinapati, anak ng sultan at sultana ng Kembayat.

Si Sinapati ay kamukhang-kamukha si Bidasari. Kinaibigan nito si Sinapati at ibinalita ang kapatid niyang si Bidasari sa kamukhang-kamukha ni Sinapati. Itinatanong ni Sinapati sa mga magulang kung wala siyang kapatid na nawawalay sa kanila. Pinasama ng ama si Sinapati sa Indrapura. Nang magkita si Bidasari at si Sinapati ay kapwa sila nangilalas dahil sa silang dalawa ay magkamukhang-magkamukha. Natunton ng Sultan ng Kembayat ang nawawala niyang anak na si Bidasari. Nalaman ng sultan ng Indrapura na ang kaniyang pinakasalang si Bidasari ay isa palang tunay na prinsesa.

Mula sa https://www.kapitbisig.com/philippines/tagalog-version-of-epics-mga-epiko-bidasari-epikong-mindanao_606.html

Gawain 6: Unawain Mo!

Panuto: Sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.


1. Sino si Bidasari batay sa epikong Mindanao?


2. Ano-ano ang mga suliraning kinaharap ni Bidasari? Paano ito nasolusyonan?

3. Ano-ano ang mga pangyayari sa epiko ang tiyakang nagpapakita ng ugnayan ng mga tauhan sa puwersa ng kalikasan?

Gawain 7: Bakit Nga Ba?

Panuto: Isulat ang iyong papanaw tungkol sa pagkakaiba-iba at pagkakatulad ng Epiko ni Gilgamesh sa Epiko ni Bidasari at ang paliwanag tungkol sa isyung pandaigdig na iniuugnay sa buhay ng mga Pilipino. Gayahin ang grapikong presentasyon sa inyong sagutang papel.






Isaisip

Gawain 8: Punan Mo!

Panuto: Batay sa iyong natutuhan sa kabuoan ng aralin, punan mo ng sagot ang hinihingi ng bawat kahon. Magbigay lamang ng tig-iisang sagot sa iyong sagutang papel.

EPIKO

Kahulugan	Kasaysayan	Kahalagahan	Elemento
-----------	------------	-------------	----------



Isagawa

Gawain 9: Iguhit Mo!

Panuto: Iguhit ang iyong paboritong *superhero* sa inyong sagutang papel. Ibigay ang mga pambihirang katangiang hinahangaan mo sa kaniya.

Ang Paborito Kong Superhero

Aralin

1.2

Wika at Gramatika: Mga Panandang Pandiskurso bilang Hudyat sa Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari



Balikan

Binabati kita sa iyong masigasig na pagsagot sa mga katanungan sa nakaraang aralin. Sa bahaging ito, malalaman mo kung paano mabisang magagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari. Bago tayo magtungo sa talakayan, sagutin muna ang gawain.

Gawain 1: Ibuod Mo!

Panuto: Ibuod mo ang nabasang Epiko ni Gilgamesh gamit ang grapikong presentasyon. Gamitin ang angkop na mga salita sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayaring nasa kahon.

1.

2.

3

4.

5.

Sa huli
Sa kabilang banda

Pagkatapos

Sumunod
Una

Magaling! Natapos mo ang gawain. Sa bahaging ito iyong tutunghayan ang isang akda upang malaman kung paano nagagamit nang may kaangkupan ang mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.



Tuklasin

Ang ating bansa ay mayaman sa iba't ibang epiko. Patunay na mayaman ang bawat rehiyon natin ng natatanging kultura. Sa paglipas ng panahon, ang iba sa mga ito ay naipalabas sa telebisyon o pelikula. Ang ibang palabas nama'y nagkaroon ng inspirasyong ilapat ang konsepto ng epiko at isa na rito ang Amaya. Tunghayan mo ang buod nito at pagkatapos ay sagutin ang mga kasunod na katangunan.

Maaaring panoorin ang mga kabanata nito sa link na ito:

https://www.youtube.com/watch?v=oHqCvBi9oX0&list=PLGRhcC_vtOragNyYUbl3ujCX8p4DNkZwL

Amaya

ni Suzette Doctolero

Ang kuwento ni Amaya ay nagsisimula sa isang puod sa gitnang Visayas, mga ika-15 dantaon na pinaghaharian ni Rajah Mangubat, isang mabagsik at kinakatakutang pinuno at walang patawad sa kaniyang mga kaaway. May taglay siyang anting-anting na nagbibigay sa kaniya ng kakaibang kapangyarihan sa pakikipaglaban kaya't inilagan siya ng kaniyang mga tagasunod. Siya'y marahas at magaling na mandirigmang may natatanging kakayahan sa mga labanan kaya wala pang nakatatalo sa kaniya. Ngunit may propesiya ang isang babaylan na ang magtatapos ng kanyang kadakilaan ay isang babaeng may kambal-ahas.

Sa loob ng bukot, magkasama sina Amaya at ang kaniyang mga kapatid. Si Marikit na nagseselos sa lahat ng nakukuhang atensiyon ni Amaya sa kanilang baba. Siya rin ay naging paboritong anak ni Lamitan. Ang isa naman ay si Binayaan, ang nakababatang kapatid ni Marikit na masaya sa piling ni Amaya dahil na rin sa ayaw sa kaniya ng kaniyang iloy na si Lamitan sapagkat umaasa sila ng lalaking anak.

Nang bata pa si Amaya, siya ay ipinapapatay sa isang uripon na binayaran ni Lamitan ngunit ang kaniyang kambal-ahas ay dumating at pinatay ang uripon. Pagkatapos nito, nakilala niya si Bagani na hahalili sa trono ni Rajah Mangubat. Ibinalik siya sa kanilang banwa ni Bagani. Ilang taon ang lumipas at si Amaya ay lumaking isang napakagandang binukot. Dahil sa kagustuhan ni Lamitan na mapalayo kay Amaya at dahil sa masamang ang kaniyang loob sa kanyang asawang si Datu Bugna ay tinalikuran niya ang kaniyang bana. Ipinagsabi niya kay Rajah Manubat ang tungkol sa plano ni Datu Bugna kasama ang iba pang mga datu ng rebelyon laban sa kaniyang walang awang pamamahala. Ipinagtanggol ni Bagani si Amaya sa mga pang-aapi nina Marikit at Lamitan. Napilitan siyang pakasalan si Marikit para maging malaya si Amaya. Sa tulong ng kaniyang kambal-ahas, si Amaya ay naging alabay. Nag-aral siya ng panggagamot, mga relihiyosong ritwal at tradisyon para maging babaylan.

Sa kabilang banda, nagkaroon ng planong patayin si Bagani. Bagaman hindi nagtagumpay ang planong ito, lubos naman siyang nasugatan. Walang ibang tao ang nakapagpagaling sa kaniya maliban kay Amaya kaya nakuha niya ang ranggong Punong Alabay. Nalaman ni Amaya na ang apo ng kasalukuyang Punong Alabay na si Angaway, ang may pakana sa pagpatay kay Bagani. Binantaan ni Amaya si Bagani nang malamang may plano silang rebelyon laban sa kanila.

Sa kabilang banda, naapektuhan ang pamumuhay nina Lamitan at Marikit kaya pinilit ni Lamitan si Marikit na maging sandal ni Rajah Mangubat para magkaroon muli siya ng kapangyarihan sa puod ngunit ito ay hindi sang-ayon sa mga kagustuhan ni Marikit. Naging dahilan ito kaya naging matamlay siya subalit pinilit ni Lamitan si Marikit na gumamit ng “chandu”. Dahil dito nasira na ang pag-iisip ni Marikit. Naawa si Amaya kay Marikit kaya pinagaling niya ito. Nakita ni Marikit ang tunay na katauhan ng kaniyang iloy. Kinuha ni Marikit si Mantal (ang kapatid ni Lamitan) at dinala sa ibang banwa. Si Mantal ang dating kasama ni Lamitan ngunit dahil sa pangyayaring ito, nakita niya ang tunay na ugali ng kaniyang kapatid.

Sila ay nagplano ng rebelyon para maibalik ang puod kay Angaway sa mga kamay ni Bagani na karapat-dapat maging Rajah. Nagawa nilang patayin si Angaway ngunit ang buong puod ay hindi napasakanila. Ginamit ni Lamitan ang pagkakataong ito para isakatuparan ang kaniyang mga inaasam. Ginawa niyang pinuno ang kaniyang sarili sa buong puod dahil siya ang pumapangalawa sa kapangyarihan ni Angaway. Hindi talaga ito matanggap sa buong puod. Wala pang babaeng tinanggap bilang Rajah mula noong sinuhulan ni Lamitan ang kaniyang mga kawal at binalaan ang konseho na iproklama siya bilang isang ganap na pinuno. Subalit hindi pa rin siya binigyan ng titulo na maging ganap na Hara. Ang lahat ng banwa na nasa ilalim ng kaniyang kapangyarihan ay napatawan ng buwis. Sinindak ni Lamitan ang mga tao sa paggamit ng engkantasyon mula sa mga babaylan para maging sunod-sunuran sa kaniya sa pamamagitan ng panlilinlang na siya ay may direktang komunikasyon sa diyos.

Sa kabilang dako, dahil sa mga kamangha-manghang nagawa ni Amaya, siya ay tinawag na pinakamakapangyarihang tao sa kanilang panahon. Maraming mga pagbabago ang nangyari sa puod, kagaya ng pagbibigay ng karapatan sa mga alila na maging timawa o malayang tao pagkatapos nilang mabayaran ang kanilang utang at ang pantay-pantay na oportunidad sa edukasyon at negosyo. Sa kabila ng magagandang pangyayaring ito, si Amaya at Bagani ay kinailangan ng kanilang mga tao kaya ang kanilang pagmamahalan ay muling nahinto. Si Rajah Bagani ay naging mas wais na pinuno at mandirigma. Si Amaya naman ay pilit na lumayo kay Bagani sa maraming taon para pagtuonan ang kaniyang pamamahala gayondin ang ginawa ni Bagani.

Si Amaya ay isa sa mga pinakaunang babaeng namuno ng tunay sa isang puod, isang totoong Hara. Nang ang nakababatang kapatid ni Bagani na si Banuk ay lumaki, nakiusap si Banuk na gawin siyang isang Rajah sa pag-aakalang sobra-sobra na ang isinakripisyo ni Bagani at sa tingin niya ay oras na rin para muling magkasama sila ng kaniyang irog. Pumunta si Bagani sa banwa ni Amaya at sa kaniyang pagkagulat ay nalaman niyang mayroon pala siyang anak kay Amaya na nagngangalang Bugna. Sa wakas, sila ay naging isang buong pamilya. Magkasabay na namatay sina Amaya at Bagani at magkahawak ang kamay.

Mula sa <https://danielledecastro129.wordpress.com/2015/03/11/amaya/>

Gawain 2: Sa Iyong Pag-unawa

1. Sino si Amaya? Ano-ano ang kaniyang mga pambihirang katangian?

2. Ano-anong mga ginamit na hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari?

3. Ano ang paksa ng epikseryeng binasa? Ikumpara ito sa Epiko ni Gilgamesh at Epiko ni Bidasari.

Amaya	Epiko ni Gilgamesh	Epiko ni Bidasari



Suriin

Binabati kita sa iyong masigasig na pagsagot sa mga katanungan. Sa bahaging ito, inaasahang masasagot ang pokus na tanong na – paano nakatutulong ang mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa pagsasalaysay?

Alam mo bang...

Panandang Pandiskurso ang tawag sa mga salita o lipon ng mga salitang nag-uugnay sa mga pangungusap o bahagi ng teksto. Ito ay nagbibigay-linaw at nag-uugnay ng mga kaisipang inilahad sa isang teksto o diskurso. Ito ay maaaring maghudyat ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o maghimaton tungkol sa pagkakabuo ng diskurso. Karaniwang ito ay kinakatawan ng mga pang-ugnay, panghalip at iba pang bahagi ng pananalita.

Uri ng Panandang Pandiskurso

- Mga Panandang Naghuhudyat ng Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari**
Mga Halimbawa:
 - Sa pagsisimula* – Una, sa umpisa, noong una, unang-una
 - Sa gitna* – ikalawa, ikatlo..., sumunod, pagkatapos
 - Sa pagwawakas* – sa dakong huli, sa huli, sa wakas
- Mga Panandang Naghuhudyat ng Paraan ng Pagkabuo ng Diskurso**
Mga Halimbawa:
 - Pagbabagong-lahad* – sa ibang salita, sa kabilang dako, sa madaling sabi, sa ibang pagpapahayag, kung iisipin
 - Sa kabilang dako*, pinatay nila si Humbaba, pinatag nila ang kagubatan pati ang pagtangkang siraan ang diyosang si Ishtar ay kanilang ginawa.
 - Pagtitiyak o Pagpapasidhi* – siyang tunay, tulad ng, sumusunod, sa kanila, walang duda
 - Walang dudang* naging matalik na magkaibigan sina Gilgamesh at Enkido.
 - Paghahalimbawa* – halimbawa, nailalarawan ito sa pamamagitan ng, isang magandang halimbawa nito ay, gaya ng, tulad ng
 - Iba't ibang pakikipagsapalaran ang ginawa nina Gilgamesh at Enkido *gaya ng* pagpatag sa kagubatan, pagpaslang sa halimaw at paggapi sa toro ng diyosa.

- d. Paqlalahat – bilang paglalahat, bilang pagtatapos, sa kabuoan, sa lahat ng mga ito
 - Sa kabuoan, lubos na naghinagpis si Gilgamesh sa sinapit ng buhay ni Enkido kaya naman ipinagluksa niya ito nang husto.
- e. Pagbibigay-pokus – bigyang-pansin ang, pansinin ang, tungkol sa
 - Hindi sana siya maparurusahan kung hindi niya inako ang tungkol sa kasalanang hindi naman niya ginawa.
- f. Pagpupuno o Pagdaragdag – muli, kasunod, din/rin, at, saka, pati
 - Sina Gilgamesh at Enkido ay magkaibigan.
- g. Pagbubukod o Paghihiwalay – maliban, bukod kay, huwag lang, bukod sa
 - Lahat na yata ng katangian ay taglay ni Gilgamesh maliban sa pagiging abusado sa kapangyarihan.
- h. Nagsasaad ng Kinalabasan o Kinahinatnan – tuloy, bunga nito, kaya naman, kung kaya, kaya nga
 - Hindi kasi siya nag-ingat, tuloy nahuli siya.
- i. Nagsasaad ng Kondisyon o Pasubali - kapag, sakali, kung
 - Sasang-ayon ako sa pakiusap niya kapag napatunayan kong tapat siya.

Gawain 3: Pagsasanib ng Gramatika at Retorika

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang mga panandang pandiskursong ginamit sa pangungusap at tukuyin kung anong uri ito. (A) Mga Panandang Naghuhudyat ng pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari o (B) Mga Panandang Naghuhudyat ng Paraan ng Pagkabuo ng Diskurso. Gayahin ang tsart sa ibaba.

1. Una si Jules, may liberal na pag-iisip.
2. Sumunod si Gani na maagang nag-asawa't nagkaanak ngunit mabilis din silang nagkahiwalay ni Evelyn.
3. Bunga nito, si Gani ay nanirahan na sa *abroad* kapiling ang bagong pamilya.
4. Ikatlo, ang pinakamalambing na si Jason, na ang kakulangan niya bilang estudyante ay matagumpay na napagtataktan ng katangian niya bilang anak.
5. Pagkatapos, ang bunsong si Bingo na namulat sa mundong walang katiyakan, ngayo'y magtatapos na sa kolehiyo.
6. Makikinig ako sa kaniyang sasabihin kung tatahimik siya.
7. Siyang tunay, katiwa-tiwala talaga siyang alagad ng batas.
8. Naging magkaaway muna sina Enkido at Gilgamesh saka naging matalik na magkaibigan.
9. Bukod sa pagliligtas ni Enkido kay Gilgamesh sa kalupitan ni Ishtar, inako niya ang kaparusahan.
10. Bigyang-pansin sana ng pamahalaan ang mga naghihirap ngayong mamayan sa sa gitna ng COVID-19 pandemic.

Panandang Pandiskurso	Uri ng Panandang Pandiskurso
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

6.	
7.	
8.	
9.	
10.	

Gawain 4: Punan Mo!

Panuto: Piliin sa kahon ang angkop na mga panandang pandiskurso at isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel upang mabuo ang diwa ng talata.

Maraming epiko ang kumalat sa buong mundo. Bawat bansa ay may kaniya-kaniyang epiko. **1.** _____, mababasa sa kasaysayan na ang Epiko ni Gilgamesh ay nagsimulang umusbong sa Mesopotamia.

2. _____ naman ang pagsimula ng kasaysayan ng epiko sa Europe kay Homer ng Greece **3.** _____ 800 BCE. **4.** _____ ang The Iliad and Odyssey. Ang mga kilalang manunulat ng epiko sa Europe ay sina Hesiod, Apollonius, Ovid, Lucan **5.** _____ Statius.


Ang estilo ng pagsulat ng epiko ay dactylic hexameter. **6.** _____, hindi madali ang pagsulat nito. Ito’y karaniwang nagsisimula sa isang panalagin mula sa isang musa at naglalaman ng masusing paglalarawan, mga pagtutulad at talumpati. **7.** _____ ang mahahalagang pangyayari sa kasaysayan **8.** _____ The Fall of Troy, The Foundation of Rome, The Fall of Man, at iba pa. Ang mga tauhan nito ay maharlika.

Sinasabing noong panahon ng Medieval, napakaraming epiko ang naisulat, **9.** _____ ito’y madalas basahin. Ang bawat bansa ay nakalikha ng kanilang dakilang manunulat ng epiko. Sa Italy, **10.** _____ kay Virgil ay mayroon din silang Dante. Ang kilalang epiko ni dante ay ang The Divine Comedy. Ito’y naging inspirasyon ng maraming makata at pintor sa loob ng maraming dantaon, **11.** _____, si T.S. Eliot naman ay nagdala ng kopya nito sa bulsa ng kaniyang amerikana. Ang The Divine Comedy ay dinisenyuhan ni Gustave Dore noong ikalabinsiyam na siglo.

Isa sa mga epikong Espanyol ng Middle Ages ay ang El Cid o El Cantar Mio Cid na kuwento ng pagsakop sa Valencia ni Rodrigo Diaz de Vivar at sa French naman ay ang Chanson de Roland na kuwento ni Charlemagne at ang pag-atake sa kaniyang tropa ni Basques at Roncevaux noong 778. **12.** _____, ang dalawang epikong ito ay tungkol sa kabayanihan ng mga pangunahing tauhan sa pakikidigma. **13.** _____, may dalawang epikong German naman ang nakilala sa buong mundo. Ito ay ang The Heliad, ika-19 na siglong bersyon ng Gospels sa Lumang saxon; at ang The Nibelungenlid. Ang **14.** _____ ay kuwento ni Seigfried, Brunhild, Dietrich, Gunther, Hagen at Atila the hun.

15. _____, sa Pilipinas naman, tinatayang umaabot sa 28 ang kilalang epiko. Karamihan sa mga epiko ay natagpuan sa grupo ng mga tao na hindi pa nagagalaw ng makabagong proseso ng pagpapaunlad ng kultura tulad ng mga katutubo at etnikong grupo sa Mountain Province at sa Mindanao, sa grupo ng mga Muslim.


huli at tulad ng	kung kaya maliban sumunod	samantala kaya naman una	noong kabilang din sa dakong huli	gayon din sa kabilang dako
------------------------	---------------------------------	--------------------------------	---	-------------------------------



Pagyamanin

Gawain 5: Ihambing Mo!

Panuto: Muling balikan ang dalawang epikong binasa sa araling ito at bumuo ng paghahambing gamit ang mga panandang pandiskurso. Gayahin ang pormat ng tsart sa sagutang papel at punan ito ayon sa hinihingi.




Gawain 6: Panoorin Mo!

Panuto: Panoorin ang isang *video clip* ng Amaya: Unang Pagsubok sa link na ito <https://www.youtube.com/watch?v=vITaAaGLRic&t=21s>. Matapos panoorin, sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang supernatural o pambihirang pangyayari ang napanood mo sa video?

2. Ano ang ipinakikitang ugnayan ng tauhan sa puwersa ng kalikasan?



Isaisip


Gawain 7: Sagutin Natin

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang panandang pandiskurso?

2. Ano-anong mga bahagi ng pananalita ang ginagamit sa panandang pandiskurso?

3. Paano makatutulong ang mga panandang pandiskurso sa pagsusulat ng isang akda?



Isagawa

Upang matiyak mo kung talagang naintindihan ang araling ating tinalakay sa mga nagdaang araw tungkol sa epiko at mga panandang pandiskurso, isagawa ang paglalapat sa hiwalay na sagutang papel.

Gawain 8: GRASPS

Goal	Sumulat ng talata tungkol sa paksang “Bayani ng Buhay Ko”. Gumamit ng iba’t ibang mga panandang pandiskuro sa pagsulat.
Role	Ikaw ay magiging manunulat.
Audience	Guro, mga kapwa mag-aaral.
Situation	Ipagpalagay na ikaw ay isang <i>manunulat</i> ng isang pahayagan at ikaw ay magsasalaysay ng kuwento sa isang taong katangi-tangi sa iyo.
Product	Salaysay tungkol sa bayani ng iyong buhay.
Standards	A. Malinaw na nilalaman..... 35 puntos B. Estructura ng pagkakasulat.....35 puntos C. Paglalapat ng panandang pandiskurso.....20 puntos D. Dating sa mambabasa..... <u>10 puntos</u> Kabuoan.....100 puntos



Tayahin

Mahusay! Binabati kita dahil nakaabot ka sa parteng ito. Tiyak marami kang natutuhan sa iba't ibang mga aralin sa Modyul na ito. Ngayon, ating tatayahin ang iyong kaalaman sa nakalipas na aralin.

PANGWAKAS NA PAGTATAYA

A. Panuto: Basahin at piliin sa kahon ang tinutukoy ng pahayag sa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

- | |
|---------------|
| A. Gilgamesh |
| B. Enkido |
| C. Anu |
| D. Humbaba |
| E. Irkalla |
| F. Ereshkigal |

- _____ 1. Reyna ng kadiliman.
- _____ 2. Demonyong nagbabantay sa kagubatan ng Cedar
- _____ 3. Hari ng Uruk at ang bayani ng Epiko.
- _____ 4. Reyna ng kalaliman
- _____ 5. Lalaking kasama ng mga hayop sa kagubatan.

B. Panuto: Isulat ang Tsek (✓) sa sagutang papel kung ang ipinahahayag ay Tama at Ekis (X) naman kung ito'y Mali.

- _____ 1. Si Gilgamesh ay kalahating tao at kalahating diyos.
- _____ 2. Pinakinggan ng mga diyos ang hiling ng mga tao na makalaya na sila.
- _____ 3. Para kay Enkido, lubos na kahiya-hiya ang mamatay sa karamdaman kaysa sa mamatay sa isang digmaan.
- _____ 4. Nanaginip si Gilgamesh sa isang lugar na maaaring puntahan ng mga namayapa na.
- _____ 5. Pinagluksa ni Gilgamesh ang pagkamatay ng kaniyang kaibigan.

C. Panuto: Basahin at unawain mo ang sumusunod na pahayag. Isulat ang letra ng tamang sagot.

- _____ 1. Nagsimula ang kasaysayan ng Gilgamesh sa _____ tulang Sumerian.
A. 2 B. 5 C. 7 D. 9
- _____ 2. Ang pinakamatandang epiko sa buong mundo at kinikilala bilang kauna-unahang dakilang likha ng panitikan.
A. Beuwulf C. Gilgamesh
B. Ibalon D. Iliad at Odyssey

- ___ 3. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa mga katangian ng isang epiko?
 A. Nababasa sa isang upuan lamang
 B. Nagsasalaysay ng pakikipagsapalaran ng tauhan
 C. Nagpapakita ng kabayanihan ng mga pangunahing tauhan.
 D. Nagtataglay ng katangiang nakahihigit sa tao.
- ___ 4. Galing sa salitang Greek na _____ ang epiko na nanganaghulugang salawikain o awit.
 A. Epis
 B. Episo
 C. Epix
 D. Epos
- ___ 5. _____ ang estilo ng pagsulat ng epiko.
 A. Dactylic Hexameter
 B. Dactylic Centimeter
 C. Dactylic Pentameter
 D. Dactylic Gigameter

D. Panuto: Basahin at unawain mo ang sumusunod na pahayag. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

- ___ 1. Sa maagang pag-aasawa ni Gani, mabilis din silang nagkahiwalay ng kaniyang asawa, Bunga nito siya'y nanirahan na sa abroad. Anong panandang pandiskurso ang ginamit sa pangungusap?
 A. Bunga nito
 B. Mabilis din
 C. Sa abroad
 D. Sa maagang
- ___ 2. Si Julian ay naging manhid sa asawa at parang walang pakialam. Ang nasalungguhitan ay nagsasaad ng _____.
 A. Kinalabasan
 B. Pagbubukod
 C. Pagdaragdag
 D. Pasubali
- ___ 3. Maliban sa pagiging ina sa limang anak na pulos lalaki si Amanda ay isa ring tipikal na maybahay. Ang nasalungguhitan ay nagsasaad ng _____.
 A. Kinalabasan
 B. Pagbubukod
 C. Pagdaragdag
 D. Pasubali
- ___ 4. Ang mga panandang tuloy, bunga nito, kaya ay nagsasaad ng _____.
 A. Kinalabasan
 B. Pagbubukod
 C. Pagdaragdag
 D. Pasubali
- ___ 5. Nagsasaad ng kondisyon o pasubali ang sumusunod MALIBAN sa _____.
 A. Kapag
 B. Kung
 C. Saka
 D. Sakali

E. Panuto: Bumuo ng mga pangungusap gamit ang mga nabanggit na panandang pandiskurso sa iba't ibang sitwasyon.


1. Uri ng Panandang Pandiskurso: *Nagsasaad ng Kinalabasan o Kinahinatnan*
 Sitwasyon: *Pagtalima sa Quarantine Protocols.*

2. Uri ng Panandang Pandiskurso: *Pagtitiyak o Pagpapasidhi*
Sitwasyon: Panukalang Anti-Terrorism Bill


3. Uri ng Panandang Pandiskurso: *Nagsasaad ng Kondisyon o Pasubali*
Sitwasyon: Panukalang Pagpapalit ng Pangalan ng NAIA sa Paliparang Pandaigdig ng Pilipinas

4. Uri ng Panandang Pandiskurso: *Pagbubukod o Paghihiwalay*
Sitwasyon: Balik-Probinsya Program

5. Uri ng Panandang Pandiskurso: *Paglalahat*
Sitwasyon: *Mass Testing at Vaccination*



*Muling pagbati sa'yo mahal na mag-aaral. Marami ka na namang nalamang impormasyon tungkol sa Epikong mula sa Iraq (Sinaunang Mesopotamia) at ang paggamit ng mga panandang pandiskurso bilang hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari. Nawa'y manatili sa iyong isipan ang mga aral na ito. Ngayon, ihanda mo ang iyong sarili sa panibago na namang aralin – **Modyul 5 (Maikling Kuwento mula sa France)**.*



Susi sa Pagwawasto

<i>Iba-iba ang sagot.</i>	ISAGAWA Gawain 9: Iguhit Mo!
<i>Iba-iba ang sagot.</i>	ISAISIP Gawain 8: Punan Mo!
<i>Iba-iba ang sagot.</i>	Gawain 7: Bakit nga ba?
<i>Iba-iba ang sagot.</i>	PAGYAMANIN Gawain 6: Unawain Mo!
<i>Iba-iba ang sagot.</i>	SURIIN Gawain 5: Mahalaga Ka Epiko!
<i>Iba-iba ang sagot.</i>	Gawain 4: Opinyon Ko, Mahalaga!
<i>Iba-iba ang sagot.</i>	Gawain 3: Pag-unawa sa binasang Epiko
<i>Iba-iba ang sagot.</i>	TUKLASIN Gawain 2: Paglinang ng Talasalitaan
<i>Iba-iba ang sagot.</i>	BALIKAN Gawain 1: Alegorya, Ipaliwanag Mo!

ARALIN 1.1 (Panitikan: Epiko ni Gilgamesh)

1. Bukod sa
2. Kung
3. Dahil
4. Saka
5. Sa madaling sabi

B.

A. *Iba-iba ang sagot.*

PAUNANG PAGTATAYA

ARALIN 1.2 (Wika at Gramatika: Mga Panandang Pandiskurso bilang Hudyat sa Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari)

BALIKAN

Gawain 1: Ibuod Mo!

Iba-iba ang sagot.

TUKLASIN

Gawain 2: Sa Iyong Pag-unawa

Iba-iba ang sagot.

SURIIN

Gawain 3: Pagsasanib ng Gramatika at Retorika

Panandang Pandiskurso	Uri ng Panandang Pandiskurso
1. Una	A
2. Sumunod	A
3. Bunga nito	B
4. Ikatlo	B
5. Pagkatapos	B
6. Kung	B
7. Siyang tunay	B
8. Saka	B
9. Bukod sa	B
10. Bigyang-pansin	B

Gawain 4: Puanan Mo!

- | | | |
|--------------|-----------------|----------------------|
| 1. Una | 6. kaya naman | 10. maliban |
| 2. Sumunod | 7. kabilang din | 9. kung kaya |
| 3. Noong | 8. tulad ng | 8. samantala |
| 4. Gayon din | | 12. sa madaling sabi |
| 5. at | | 13. sa dakong huli |

PAGYAMANIN

**Gawain 5: Ihambing Mo!
Gawain 6: Panoorin Mo!**

Iba-iba ang sagot.

ISAISIP

Gawain 7: Sagutin Natin

Iba-iba ang sagot.

ISAGAWA

Gawain 8: GRASPS

PANGWAKAS NA PAGTATAYA

- | | | | | | |
|-----------|------|------|------|------|------|
| A. | 1. E | 2. D | 3. A | 4. F | 5. B |
| | 1. X | 2. ✓ | 3. ✓ | 4. X | 5. ✓ |
| B. | 1. B | 2. C | 3. A | 4. D | 5. A |
| | 1. A | 2. C | 3. B | 4. A | 5. C |
| C. | | | | | |
| D. | | | | | |

E. Iba-iba ang sagot.

Sanggunian

Ambat, V.C., et.al (2015). *Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral – Epiko ni Gilgamesh*. Pasig City: Vibal Group, Inc. pa. 100-113.

Kasaysayan ng Epiko. Nahango noong Mayo 17, 2020 mula sa <https://www.facebook.com/notes/ernel-galang-jr/baitang-10-modyul-17-kasaysayan-ng-epiko-epiko-ni-gilgamesh/10153169289401026/>.

Elemento ng Epiko. Nahango noong Mayo 20, 2020 mula sa <https://sigmafourblog.wordpress.com/2016/05/03/epic-blog/amp/>.

Panandang Pandiskurso. Nahango noong Mayo 20, 2020 mula sa <https://szhayne.wordpress.com/wika/modyul-3-7-panandang-pandiskurso/>.

Epiko ni Gilgamesh. Nahango noong Mayo 20, 2020 mula sa <https://www.youtube.com/watch?v=sWppk7-Mti4>.

Amaya: Unang Pagsubok (GMA 7). Nahango noong Mayo 20, 2020 mula sa <https://www.youtube.com/watch?v=vITaAaGLRic&t=21s>

Biag ni Lam-ang (Buod). Nahango noong Hunyo 27, 2020 mula sa <https://www.panitikan.com.ph/biag-ni-lam-ang-buod/>

Bidasari (Epikong Mindanao). Nahango noong Hunyo 27, 2020 mula sa https://www.kapitbisig.com/philippines/tagalog-version-of-epics-mga-epiko-bidasari-epikong-mindanao_606.html

Bidasari Epiko. Nahango noong Hunyo 27, 2020 mula sa <https://www.youtube.com/watch?v=9zRDLJGT0W0>

“Amaya”. Nahango noong Hunyo 27, 2020 mula sa <https://danielledecastro129.wordpress.com/2015/03/11/amaya/>

Amaya (Full Episodes). Nahango noong Hunyo 27, 2020 mula sa https://www.youtube.com/watch?v=oHqCvBi9oX0&list=PLGRhcC_vtOragNyYUbl3ujCX8p4DNkZwL

Rimando, Rodel R. (2020). *Larawan ni Gilgamesh*. Nahango mula sa <https://www.deviantart.com/guiler-717/art/Gilgamesh-35580702>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph